
KBCF

# Midyear PRAYER AND FASTING

## July 4 - 9, 2022



# BE HOLY

1 Peter 1:16

TAG



# From the Pastor's Heart

One key significant link to the holiness of God is prayer and, if I may add, fasting. When we turn to God in prayer, either as a church or as an individual, we are doing something that is holy, which is to say, we are making some conscious connection to the source of holiness – God.

R. A. Torrey writes, *"We should never utter one syllable in prayer, in public or private, until we're definitely conscious that we are coming into the presence of God and actually praying to Him."* And here's why it's important that we recognize to whom we are talking: it gives us a needed perspective. We are a holy people in the sense that we affix ourselves consciously to the One who is by definition, Holy.

The month of July marks the second half of the year – a chance to step back, assess, and evaluate our year so far as we are continuing to work our way through our theme "Be Holy." Without looking back and reflecting, it's hard to determine and gauge where we have been and how far we have come in a short period. It's all about that personal and communal growth in holiness and godliness.

Progress in personal holiness and godliness requires the cultivation of habits of prayer and fasting, both alone and with others. In Colossians 4:2, the apostle Paul says to us all, *"Devote yourselves to prayer."* As we choose to focus more deeply on prayer and fasting, God will bless us and strengthen our hearts for the challenging days ahead.

But the essence of real prayer and fasting is a cry for righteousness, a cry for holiness. I want you to know that this is really the essential part of prayer and fasting. Prayer and fasting more than anything else is the cry of the redeemed heart, the cry of the child of God for righteousness which he knows should be true of his life. However, it is violated repeatedly by sin. That's the substance that real prayer is made of.

May I encourage you in your prayer life, and in our prayer and fasting time, that your prayer, our prayer should primarily focus on hunger for righteousness and yearning for holiness. I'm telling you, if that becomes the dynamic in your prayer life, it will change your life and the life of our church. The cry of the heart is for true righteousness, true holiness; and to the one who is truly righteous and holy comes all the blessing of God.

Someone says, *"God is not melted into compassion by the heat of our words—but by the holiness of our hearts."* Charles H. Spurgeon beautifully puts it, *"Holiness is essential to power in prayer: the life must knock while the lips ask and the heart seeks."* A holy life in every phase is a life of consecration with prayer. And how does all this affect holiness? It affects it directly and in every aspect. Your growth and mine into the likeness of our Lord and Savior Jesus Christ will be in exact proportion to the time and to the heart we put into prayer and fasting.

**Pastor Ronel G. Rubrica**
Head Pastor, KBCF

# Mga Nilalaman

Bakit Kailangang Mag-ayuno? ....................05
Kapakinabangan ng Pag-aayuno ....................06
Paano ako Mananalangin at Mag-aayuno ....................07
Paghahanda sa Pag-aayuno ....................08
Habang Nag-aayuno at Pagtapos Pag-aayuno ....................09
Mga Sagot sa Panalangin ....................10
Mga Layunin / Naisin ....................11
2022 Pangako ....................12

Devotion Guide ....................13

Unang Araw - **Maharlikang Pari ng Diyos, Isang Banal na Bansa (1 Pedro 2:9) Pakabanalin natin ang ating Sarili**........ 14-19

Ikalawang Araw - **Nagsisimula ang Kabanalan sa Tahanan (Bahagi 1)** ....................20-25

Ikatlong Araw - **Nagsisimula ang Kabanalan sa Tahanan (Bahagi 2)** ....................26-30

Ika-apat na Araw - **Ang Kabanalan ay Pagmamahal sa iyong Kapwa Gaya ng iyong Sarili.** ....................31-35

Ika-limang Araw - **Ang Pagiging Banal ay ang Pagiging Una sa Paghahari ng Diyos, Bahagi 1.** ....................36-40

Ika-anim na Araw - - **Ang Pagiging Banal ay ang Pagiging Una sa Paghahari ng Diyos, Bahagi 2.** ....................41-45

Mga Nag-ambag ....................46

# Bakit Kailangang Mag-ayuno?

Why Fast?

Inaasahan ng Panginoon na mag-ayuno ang kanyang mga disipulo. Sinabi ni Hesus, " Ngunit darating ang araw na kukunin mula sa kanila ang lalaking ikinasal, at saka sila mag-aayuno." (Marcos 2:20)

Ang personal o sama-samang pag-aayuno ay bahagi ng buhay ng anak ng Diyos. Ang mga tao sa Lumang Tipan ay nag-aayuno kapag may pambansang kagipitan at panahon ng pagkabalisa o kung may pagsalakay ng kaaway (Ezra 8:21-23; 2 Cronico 20:3; Nehemias 1:4). Nag-aayuno sila bilang tanda ng pagsisisi (1 Samuel 7:6; Nehemias 9:1; 2 Samuel 12:16) at pagpapahayag ng kalungkutan (2 Samuel 1:12). Sila ay nag-aayuno bilang tanda na sila ay seryoso sa kanilang ipinapanalangin at ipinapakita na mahalaga sa kanila ang pananalangin (1 Samuel 1:8, 13; Esther 4:16). Sila ay nag-aayuno para sa isang mahalagang gawaing pangrelihiyon, tulad ng pagpapanibago ng kanilang tipan sa Diyos (Ezra 10:6).

At gaya ng ipinahihiwatig ng mga salita ni Hesus sa Marcos 2:20, ang mga disipulo ni Hesus ay dapat mag-ayuno kapag ang kasintahang lalaki, ang ating Panginoon, ay pisikal na wala na. Marahil ay mas malinaw ang pagsunod kapag pisikal na kasama pa nila ang Panginoon. Ngunit ngayong hindi na Siya nakikita, tayo, ang Kanyang mga disipulo, ay nag-aayuno, lalo na kapag kailangan natin ang Kanyang patnubay.

Sa mga nakaraang Pananalangin at Pag-aayuno sa ating iglesia, lahat tayo ay naniniwala na ang itinalagang mga araw na ito ay para sa ating pagkakaisa sa espiritu. Nagdulot ng pagkabahala sa marami ang kamakailang pambansa at lokal na halalan, kaya kailangan nating magkaisa sa panalangin habang namamagitan tayo para sa ating bagong hanay ng mga pinuno. Ang takot sa mga bagong variant ng C-19 ay patuloy na nangingibabaw. Ang mga paghihigpit ay nakaapekto sa mabagal na pag-usad ng ating mga programa at aktibidad sa simbahan kaya kailangan natin ang patnubay at direksyon ng ating Panginoon habang tayo ay nagtatatag ng mas maayos na sitwasyon sa ating simbahan. Kailangan nating magkaisa sa panalangin para sa proteksyon mula sa mga iba't-ibang uri ng virus at para sa epektibo at madaling magagamit na mga bakuna para sa mga mahihinang sektor. Kailangang maipanalangin na ma-kontrol ang pandemya, at mapagtatagumpayan natin ito kung saan magiging mas kawangis natin ang ating Panginoong Hesus. Kailangan ng ating bansa at ng buong mundo ang panalangin upang hindi masayang ang pinagdaanan nating krisis.

Matagal nang ninanais ng Pastoral Staff at ng iba pang mga pinuno ng iglesia na ibuhos ng Panginoon ang Kanyang Banal na Espiritu sa atin. Ang mga gabay na ito ay tutulong sa atin na ihanda ang ating sarili para sa mga araw ng ating pananalangin at pag-aayuno.

# Kapakinabangan ng Pag-aayuno

Si Hesus ay nag-ayuno sa loob ng 40 araw bago siya nagsimula ng ministeryo dito sa lupa. Alam niya na kailangan Niya ng kalakasang espirituwal upang matupad ang kalooban ng Diyos. Maaaring manghina ang ating pisikal na katawan kapag tayo ay nag-aayuno, ngunit lumalakas naman ang ating espiritu at naihahanda tayo upang magawa ang nais ng Diyos.

Sinabi ni Hesus, "PAGKA tayo ay nag-aayuno", hindi "KUNG" tayo ay nag-aayuno. Samakatuwid, ang pag-aayuno, katulad ng pananalangin, ay hindi opsyonal, at isa sa mga mahahalagang disiplina sa buhay ng isang Kristiyano. Ang mga pakinabang sa pag-aayuno ay...

paglalim sa kababaang-loob;

pagnanais na makilala nang lubos ang Diyos at maigting na pagpapahalaga sa pananalangin;

lubos na pagsunod sa nais ng Diyos para sa iglesia at para sa sarili;

malalim na pananampalataya at epektibong pananalangin;

malayang pagkilos ng Banal na Espiritu sa iyong buhay;

matinding pagnanais na ibigay ang sarili sa Diyos at pagsulong ng Kanyang Kaharian.

# Paano ako Mananalangin at Mag-aayuno?

Ang pag-aayuno ay ang hindi pagkain, pag-inom, o pag-iwas sa mga partikular na oras ng pagkain o mga gawain para sa pagpapanibago ng espiritu at kaisipan.

"Kapag kayo'y nag-aayuno, huwag kayong magmukhang malungkot tulad ng mga mapagkunwari. Hindi sila nag-aayos ng sarili upang mapansin ng mga tao na sila'y nag-aayuno. Tandaan ninyo: tinanggap na nila ang kanilang gantimpala. Mateo 6:16

## Mga Uri ng Pag-aayuno

1. COMPLETE FAST (LUBOS NA PAG-AAYUNO): Ito ay pag-aayuno na walang kakainin sa mga araw na itinakda mong mag-ayuno. Maaring uminom ng tubig. Kung ikaw ay may karamdaman at umiinom ng gamot, kailangan ng pahintulot ng iyong doktor, lalo na kung nais mo ng pangmatagalang pag-aayuno.

2. PARTIAL FAST (BAHAGYANG PAG-AAYUNO): Maaaring pumili kung ano ang iiwasan mong kainin sa takdang oras o kaya ay kumain lamang ng isa o dalawang beses sa sa isang araw.

3. OBJECT FAST: Hindi lang sa pagkain maaaring mag-ayuno, kundi sa mga gawain tulad ng panonood ng TV, bawas oras sa paggamit ng computer o FB upang makatutok sa pananalangin at malugod sa presensya ng Panginoon.

## Schedule

**Day 1**
☐ Complete fast
☐ Partial fast
☐ Object fast
Other: __________

**Day 2**
☐ Complete fast
☐ Partial fast
☐ Object fast
Other: __________

**Day 3**
☐ Complete fast
☐ Partial fast
☐ Object fast
Other: __________

**Day 4**
☐ Complete fast
☐ Partial fast
☐ Object fast
Other: __________

**Day 5**
☐ Complete fast
☐ Partial fast
☐ Object fast
Other: __________

**Day 6**
☐ Complete fast
☐ Partial fast
☐ Object fast
Other: __________

## Prayer Gatherings

**Wednesday**, July 6, 2022
7PM via Zoom

**Thursday**, July 7, 2022
7PM via Zoom

**Meeting ID: 853 710 7761**
**Passcode: ILOVEHESUS**

**Friday**, July 8, 2022
7PM at KBCF Worship Hall

# Paghahanda sa Pag-aayuno

1.Manampalataya
Taimtim na manalangin at punan ang pahina para sa mga prayer points. Hilingin ang gabay ng Banal na Espiritu. Maging malinaw at partikular sa iyong Layunin/Naisin para sa iyong personal na buhay, pamilya, pananalapi, at simbahan. Ang mga bagay na ito ang iyong ipagkakatiwala sa Diyos sa panahon ng iyong pag-aayuno at sa buong taon. Manampalataya na tutugon ang Diyos. Magkaroon ng mapagpasalamat na puso bago at pagkatapos ng iyong pag-aayuno.

2. Italaga ang uri ng pag-aayuno na gagawin
Hinihikayat namin ang lahat na mag-ayuno ng pitong araw na tubig lamang o anumang inumin. Gayunpaman, nauunawaan namin na ang ilan ay hindi magagawa ito dahil sa ilang kadahilanan, tulad ng pagbubuntis, propesyon na nangangailangan ng lakas-pisikal, at mga kundisyong medikal. Kung kabilang ka sa kategoryang ito, may mga alternatibo—maaari mong piliing gawin ang combination fast, o pagsasama ng magkaibang uri ng pag-aayuno.
Maaari kang magsagawa ng liquid fast sa loob ng tatlong araw at pagkatapos ay isang one-meal-a-day fast para sa susunod na apat na araw, o anumang iba pang kombinasyon ayon sa iyong pangangailangan o sitwasyon. Ipagdasal ang uri ng pag-aayuno na gagawin mo at ito ang iyong gawin. Maaari din ang "Daniel fast" na puro gulay at prutas at walang karne. Gawin ang pagpapasya bago pa man mag-umpisa ng pag-aayuno, at hind isa bawat araw. Maging determinado. Humingi ng pagpapala sa Diyos.

3. Planuhin ang mga dapat gawin.
I-planong mabuti ang iyong mga gawain sa panahon ng pag-aayuno. Kailangan mong maglaan ng sapat na oras sa pananalangin at pagbabasa ng Salita ng Diyos.

4. Espirituwal na Paghahanda
Pahalagahan mo ang oras na ito at maniwala na ito ang pagkakataon para sa iyong pakikipagtagpo sa Panginoon. Maging handang tumugon sa nais ng Banal na Espiritu para sa mga bagay na dapat baguhin sa buhay mo. Ang tapat na pagsisisi ang pundasyon ng pananalangin at pag-aayuno. Maging bukas at isuko ang lahat sa Kanya.

5. Pisikal na Paghahanda
Maging handa at matatag sa pagsisimula ng iyong ayuno. Huwag kumain ng marami bago mag-ayuno. Ang susi ay tamang pagkain at pagbabawas ng unti-unti bago magsimula. Iwasan ang mga pagkaing mataas ang asukal. Iwasan ang kape dahil maaaring maging dahilan ng pagsakit ng ulo. Dalawang araw bago mag-ayuno, kumain ng prutas at gulay. Kumonsulta sa iyong doktor kung kinakailangan bago mag-ayuno.

# Habang Nag-aayuno

Hangarin ang Panginoon

a) Italaga ang sarili sa pananalangin at pagbabasa ng Biblia sa oras na iyong itinakda.
b) Sumama sa kahit isa sa sama-samang pananalangin. Maging handa na tumugon sa anumang mga maririnig mula sa Diyos.
c) Ang gabay na ito ay may devotional guide. Hinihikayat naming gamitin mo ito.

Magpasiyang Magbago

a) Ipamuhay agad ang anumang natutuhan o sinabi sa iyo ng Diyos mula sa Kanyang mga Salita.
b) Kung kailangan mong kumilos, tulad ng pag-aayos ng nasirang relasyon, gawin agad ito.
c) Kung may pag-uugali na dapat baguhin, gawin agad ito. Kausapin ang iyong leader/discipler upang matulungan ka at maipanalangin.

Mga Bagay na dapat Tandaan

a) Iwasan muna ang pag-inom ng gamot at herbal drugs maliban sa iyong maintenance medicines.
b) Bawasan ang mabibigat na gawain at pag-eehersisyo.
c) Magpahinga ng mabuti hanggat maaari.
d) Panatilihin ang saloobin ng pananalangin sa buong araw. Ipanalangin ang iyong pamilya, pastor, simbahan, bansa, mga misyonero, world missions, atbp.
e) Uminom ng maraming tubig.
f) Tandaan na maaari kang manghina at maging iritable o maramdamin. Bantayan ang puso at maging mapagpasalamat.

# Paghinto sa Pag-aayuno

Unti-unting ibalik ang pagkain ng solid food
Tulad ng ginawa mo sa iyong pagsisimula, dahan-dahan ang pagbabalik mo sa iyong normal na pagkain. Magsimula ulit sa pagkain ng prutas, juice at gulay.

Magpatuloy sa Pananalangin
Huwag hayaang huminto ang iyong pananalangin sa pagtatapos ng iyong pag-aayuno. Patuloy na manalangin at magbasa ng Salita ng Diyos hanggang ito ay makasanayan mong gawin araw-araw.

Laging umasa sa Diyos
Manampalataya at maniwala na tutugon ang Diyos sa iyong mga ipinanalangin. Huwag susuko; magpatuloy sa pananalangin kahit di mo pa agad natatanggap ang tugon ng Diyos. Siguraduhin na may kopya ka ng mga prayer points. Sa pagtatapos ng taon, ito ang magiging batayan ng iyong pasasalamat sa Diyos, kung paano Siya tumugon sa iyong mga ipinanalangin.

# Mga Sagot sa Panalangin

## Enero – Hunyo

*""Ako'y magpapasalamat sa Panginoon ng aking buong puso; aking ipakikilala ang lahat na iyong kagilagilalas na mga gawa." (Mga Awit 9:1)*

# 2022 Mga Layunin / Naisin

## Para sa Sarili

## Para sa Pamilya

## Para sa Pag-aaral/ Trabaho

## Para sa Ministeryo

*Nawa'y ipagkaloob niya ang iyong hangarin, at sa iyong mga plano, ika'y pagtagumpayin. - Mga Awit 20:4*

# 2022 Pangako

*Para sa iyo, Panginoong Hesus, ako ay*



# Devotion Guide

# BE HOLY

1 Peter 1:16

# Ika-unang Araw
Lunes, Hulyo 4

# Maharlikang Pari ng Diyos, isang Banal na Bansa (1 Pedro 2:9) Pakabanalin natin ang ating sarili.

Exodo 19:9-15; Levitico 8:5-12; 20:7

## Kumonekta

Isang tanda na ikaw ay seryoso at determinado tungkol sa isang partikular na gawain o tungkulin ay ang pag-uukol mo ng iyong sarili dito sa presensya ng mga taong pinapahalagahan at pinagkakatiwalaan mo. Inilalaan mo ba ang iyong sarili upang maging banal?

## Katotohanan na Pagbulay-bulayan

1. Kahit papaano, bilang mga anak ng Diyos, hindi natin dapat ipagwalang-bahala na Siya ay banal. Sa ating pagpapakabanal, habang lumalapit tayo sa Kanya, kailangan nating bantayan ang ating puso, ang ating kalooban. Hiniling na labhan ng mga Israelita ang kanilang mga damit (at ang kanilang mga sarili?) at maging handa (Exodo 19:9-15; Levitico 20:7). Paano mo dapat ihanda ang iyong sarili habang lumalapit ka sa ating Banal na Diyos? (Ang mga Muslim ay naghuhugas ng kanilang mga kamay at nagtatanggal ng kanilang mga sapatos/sandalyas bago pumasok sa mosque.)

2. Ang espesyal na pagpapabanal ay kinakailangan para sa mga pari. (Si Aaron at sa kaniyang mga anak, Levitico 8:5-12) Ang baluti na inilagay ni Moises kay Aaron ay isang paalala para sa saserdote na laging isapuso at ipanalangin ang buhay ng bansang Israel at ang kinabukasan nito. (Ang Urim at Thummim [“liwanag” at “katotohanan”, v.8] ay nilalayong hanapin at ipahiwatig ang kalooban ng Diyos para sa bansang Israel.) Tayo ay Maharlikang Pari ng Diyos, isang Banal na Bansa (1 Pedro 2:9) para sa mundo! Dala natin sa ating puso ang buhay at hinaharap nito, ang "liwanag" at "katotohanan" nito! Paano nakakaapekto ang katotohanang ito sa iyong espirituwal na buhay?

## Suriin ang Salita

1. Basahin ang Exodo 19:9-15 at Levitico 20:7 nang may panalangin. Ano ang utos ng Diyos sa Kanyang bayan bago Siya makipagkita sa kanila? (vs. 9-11)

   ______________________________________________

   ______________________________________________

   Ito ba ay para lamang sa minsanang pagkakataon na iyon, o isang bagay na kinakailangan dahil sa kung sino ang Diyos? (Levitico 20:7)

   ______________________________________________

   ______________________________________________

   Ano ang iyong reaksyon?

   ______________________________________________

   ______________________________________________

   ______________________________________________

2. Marahil ang "humanda" (o maghanda, talata 11) ay isang bagay na maiintindihan natin. Ngunit karaniwan bang inihahanda (o handa na) ang ating sarili kapag lumalapit tayo sa Diyos sa panalangin o kahit na magbabasa tayo ng Kanyang salita?

   ______________________________________________

   ______________________________________________

   Ano ang iyong reaksyon?______________________________

   ______________________________________________

3. Ang katotohanan na ang mga Israelita ay nasa ilang, ang paglalaba ba ng kanilang mga damit (o maging ng kanilang mga sarili) bilang pagpapakabanal ay madali? (Sinabi ng Panginoon sa kanila na maghanda nang tatlong araw na mas maaga!?)

   ______________________________________________

   ______________________________________________

4. Ang pagpapabanal nila ay komunal. Nangangahulugan na gagawin ito ng bawat isa sa presensya ng mga tao na siyang may pananagutan sa isa't isa. Ano ang iyong reaksyon?

   ______________________________________________

   ______________________________________________

   ______________________________________________

5. Ang pagpapakabanal ay paglalaan ng sarili para sa Diyos. Kaya, idinagdag ni Moises na " huwag muna kayong magsisiping." (v. 15) Ano ang iyong reaksyon?

6. Basahin ang Levitico 8:5-12 nang may panalangin. Bilang mga pari, ang pagpapabanal kay Aaron at ng kanyang mga anak ay may kaakibat pang karagdagang "mga kinakailangan". Ano ang mga ito? (mga talata 7-8, 10-12)

Ang mga talata 10-12 ay nagpapahiwatig na ang lugar ng kanilang gawain ay binanal din! Ano ang iyong reaksyon?

## Aplikasyon

1. Ang unang hakbang upang maging banal ay italaga ang sarili para sa Diyos, sa presensya ng mga saksi -- mga tao na mayroon kang pananagutan. Anong (mga) hakbang ang iyong gagawin upang maisapamuhay mo ito?

2. Paano mo isasakatuparan ang #2 ng Katotohanang Pagbubulay-bulayan sa iyong buhay-panalangin (kung hindi man para sa buong mundo, at least para man lang sa ating sariling bansa.)

3. Bilang isang Maharlikang Pari ng Diyos, kailangan nating manalangin (bilang patuloy na pagpapabanal) para sa ating mga lugar ng hanap-buhay o pag-aaral. Anong (mga) hakbang ang iyong gagawin upang maisapamuhay ito?

4. Posible bang italaga ang iyong sarili sa pagpapabanal sa presensya ng iyong cell group o Bible Study group?

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

Ano ang mga hakbang na maaari mong gawin upang maisapamuhay ito?___________________________________________________

_______________________________________________________________

5. Hilingin sa Diyos na tulungan ka sa pagtatalaga ng iyong sarili sa kabanalan.

## Prayer List 🙏

### 🇵🇭 The Philippines

Purihin ang Diyos para sa mga nakaraang lider ng bansa (Pangulo, Bise-Presidente, Senador, Kongresista, Party List) — para sa kanilang mga nagawa sa kani-kanilang termino.

Ipanalangin ang mga nahalal noong Mayo 09, 2022:

• Presidente, Bise-Presidente —Ang karunungan ng Diyos para sa mahahalagang programa tulad ng plataporma ng pamahalaan para sa susunod na anim na taon at para sa mga aksyon upang magkaisa ang bansa.

• Mga Senador (12) at Congressmen/Party List Rep. (316). Karunungan ng Diyos na makagawa sila ng mahahalagang panukalang batas na makakatulong sa pagbangon ng ekonomiya at katatagan ng pulitika; karunungan na aprubahan/tanggihan ang mga pangunahing appointment ng bagong pangulo, karunungan sa pagpapahintulot sa bagong pangulo na magsagawa ng mga pambansang patakaran tulad ng para sa mga pambansang pangangailangan at kagipitan.

### CHURCH/ MINISTRIES: Church Council

Purihin ang Diyos sa patuloy na biyaya, para sa paglilingkod ng mga pinuno; patnubay at lakas bilang mga miyembro ng Council para sa paggawa ng mga polisiya ng simbahan.

• Nagpapatuloy na mga Elders: Dulce Abutal, JD Belandres, Miriam Daway, RJ Gonzales, Billy Muñoz, Renfred Silva, at Eireen Villa.

Bagong halal na Elders: Third Fermin at Macoy Uy

## FAMILY/ HEALTH/ PERSONAL BREAKTHROUGHS

Ipagdasal ang:

a) Ang interbensyon ng Banal na Espiritu para sa pagpapagaling at pagpapanumbalik ng mga nasirang relasyon (sa loob ng simbahan, pamilya, sa mga kaibigan, kapitbahay, katrabaho, atbp.) dahil sa halalan at iba pang mga isyu;
b) kagalingan ng mga sakit;
c) tagumpay sa pagbabahagi ng mabuting balita ng kaligtasan at pagdidisipulo.

## MISSIONS

*"Pandaigdigang layunin ng Diyos ang focus ng panalangin ng mga Kristiyano sa daigdig at nananalangin sila tungkol sa mga bagay na magbibigay ng pagpapala sa lahat ng mga bansa."* – David Bryant (Founder ng Concerts of Prayer International).

Bilang mga mananampalataya ni Jesu-Cristo, ipanalangin na tayong lahat ay lumago sa pagiging katulad ni Cristo at tunay na maging isang simbahan ayon sa sariling puso ng Diyos. (Marcos 8:34-35)

Ipanalangin na ikaw bilang nakarinig ng Ebanghelyo, na-disipulo at lumago sa pananampalataya, ay magkaroon ng lakas ng loob na ibahagi ang Ebanghelyo at mag-disipulo naman ng iba (2 Tim 2:2).

Ipanalangin na bilang isang Simbahan, magkaroon tayo ng pagkakaisa kay Hesus at sa Ama, at sa isa't isa, upang tayo ay magkaroon ng kapangyarihan sa pagsunod sa Dakilang Utos (Juan 17).

Ipanalangin na bilang isang Simbahan, patuloy tayong lumaganap sa ating pagmimisyon mula Jerusalem hanggang Judea at pagkatapos ay sa Samaria at magpapatuloy hanggang sa dulo ng mundo (Mga Gawa 1:8)

# Mga Panalangin

Huwag kayong mabalisa tungkol sa anumang bagay. Sa halip, hingin ninyo sa Diyos ang lahat ng inyong kailangan sa pamamagitan ng panalanging may pasasalamat. (Mga Taga-Filipos 4:6)

## Prayer Gatherings

**Wednesday**, July 6, 2022 | 7PM via Zoom

**Thursday**, July 7, 2022 | 7PM via Zoom

Meeting ID: 853 710 7761 | Passcode: ILOVEJESUS

**Friday**, July 8, 2022 | 7PM at KBCF Worship Hall

BE HOLY
1 Peter 1:16

# Ikalawang araw
Martes, Hulyo 5

# Nagsisimula ang Kabanalan sa Tahanan (Bahagi 1)
Levitico 19:1-4; Efeso 5:31-6:4; Deuteronomio 6:4-7

## Kumonekta

Kakaiba ka ba (sa mabuting paraan) sa iba, sa iba man lang na hindi sinasabi na sila ay mga Kristiyano? Nais ng Panginoon na ang Kanyang mga tagasunod ay natatangi sa iba. Tayo ay isang Banal na Bansa. Simulan natin ito sa ating mga tahanan sa pamamagitan ng paggalang sa ating mga magulang.

## Katotohanan na Pagbulay-bulayan

1. Nais ng Panginoon na tayo, ang Kanyang mga tagasunod, ay maging iba (sa mabuting paraan) sa mga tao sa ating paligid. (Levitico 19:2-4). Sa panahon ni Moises, partikular na binanggit ng Panginoon ang tatlong lugar kung saan ang Kanyang mga tagasunod ay nararapat na maging kakaiba sa kanilang mga tahanan – sa paggalang sa mga magulang, sa pagpapahalaga sa Sabbath, at sa pagsamba sa ibang mga diyos. Paano ka naiiba sa mga tao sa paligid mo?

2. Itinakda ni Pablo ang Kristiyanong tahanan sa konteksto ng plano at layunin ng Diyos na pag-isahin ang langit at lupa sa pamamagitan ni Cristo (Efeso 1:10) Ang relasyon sa pagitan ng mag-asawa ay nagtatakda kung paano nangyayari ang plano at layunin ng Diyos sa tahanan. (Efeso 5:31-33; tandaan na ang mga unang simbahan ay mga house churches) Ang pagmamahal sa iyong asawa at paggalang sa mga magulang (gayundin ang pagmamahal sa mga kapatid) ay mga gawa ng kabanalan. Masasabi mo ba na ginagawa mo ito?

## Suriin ang Salita

1. Basahin ang Efeso 5:31-33 nang may panalangin. Nais ng Diyos na ang mag-asawang Kristiyano ay sumalamin sa Kanyang orihinal na intensyon sa paglikha ng sangkatauhan. (talata 31; Genesis 1:27; 2:24) Ano ang iyong reaksyon?

___

___

___

2. Ang ministeryo ni Pablo sa Efeso ay tumutukoy sa plano at layunin ng Diyos na ipinahayag sa pamamagitan ni Hesu-Cristo at ngayon ay ipinahayag ng mga apostol. (talata 32; Efeso 1:10; 3:8-11) Ang mag-asawang Kristiyano ay sumasalamin sa plano at layunin ng Diyos na ipinahayag sa simbahan. Ito ay isang bagay na habambuhay na magpapamangha at pag-iisipan ng mag-asawa. Ano ang iyong reaksyon?

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

3. Sa panahong iyon, pag-aari ng asawang lalaki ang kanyang asawang babae at mga anak. Kaya niyang gawin ang anuman sa kanila! Paano magiging kakaiba at banal ang mag-asawang Kristiyano? (talata 33)

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

4. Basahin ang Efeso 6:1-4 nang may panalangin. Ang paggalang sa mga magulang ay may kasamang pangako. Dito ay binanggit ni Pablo ang pangako ng Diyos sa Israel na kung sila ay banal at igagalang ang kanilang mga magulang, sila ay mabubuhay nang matagal sa lupain. Kinikilala ng Artikulo XV seksyon 1 ng ating konstitusyon ang pamilya bilang pundasyon ng bansa. Ano ang iyong reaksyon?

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

Kaya naman, ang pagmamahal sa iyong asawa at paggalang sa mga magulang ay hindi lamang mga gawa ng kabanalan kundi nakakatulong din sa pagpapatibay ng bansa! Ano ang iyong reaksyon? ____________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

5. Noong panahong iyon, pag-aari ng mga ama ang kanilang mga anak. Maaari nilang gawin ang anumang bagay sa kanila. Paano nga ba nagiging iba at banal ang isang Kristiyanong magulang? (v. 4)

## Aplikasyon

1. Maglaan ng oras upang pagnilayan bilang isang Kristiyanong mag-asawa ang inyong bahagi sa plano at layunin ng Diyos para sa buong sangnilikha. (Katotohanan na Pagbubulay-bulayan # 2; Suriin ang Salita #1 & #2) Ano ang iyong mga napagtanto?

   ______________________________________________

   ______________________________________________

   ______________________________________________

2. Bilang mag-asawa, anong (mga) hakbang ang inyong gagawin para maisapamuhay ang mga natutunan ninyo?

   ______________________________________________

   ______________________________________________

   ______________________________________________

3. Bilang isang anak, anong (mga) hakbang ang iyong gagawin upang maisagawa ang mga aral na iyong natutunan? ______________

   ______________________________________________

   ______________________________________________

4. Noong unang siglo AD, ang pasanin ng pagiging banal at naiiba ay nasa balikat ng ama, ang pater de familia. Kung ikaw ay isang ama, ano ang iyong mga realisasyon? ______________________

   ______________________________________________

   ______________________________________________

   Ano ang mga hakbang na gagawin mo upang maisapamuhay ang mga natutuhan mo? ______________________________

   ______________________________________________

5. Ipanalangin ang iyong pamilya (at mga pamilya na ipinaalala sa iyo ng Panginoon) habang tinatapos mo ang iyong oras ng pagmumuni-muni.

# Prayer List 🙏

## 🇵🇭 Ang Ating Bansa: Mga Nakaraang Lider ng Bansa

Purihin ang Diyos para sa mga nakaraang pinuno (pangalanan ang Gobernador, Bise-Gobernador ng kani-kanilang lalawigan) — para sa kanilang mga tagumpay sa panahon ng kanilang termino. Ipagdasal ang Gobernador, Bise-Gobernador ng iyong lalawigan na nahalal noong Mayo 09, 2022, at para sa natitirang 81 Gobernador at Bise-Gobernador; 782 miyembro ng Provincial boards. Ipagdasal na maging responsable sila sa paghahatid ng mga serbisyong kailangan sa kani-kanilang probinsya. (Pangalanan ang mga serbisyong ito).

## CHURCH/ MINISTRIES: Admin-Finance, Church Staff and Volunteer Office Workers (VOW)

Pastor Ronel Rubrica, *Head Pastor*
Jay Cayari, *VOW-Worship Dept.*
Ruth Dave, *VOW-Spiritual Care Dept.*
Tess Bibay, *VOW-Cashier*
Rene Salem, *VOW Maintenance*

Milet Cardano, *Admin Head*
Jay Ann Tutor, *Bookkeeper*
Faith Leonen, *Secretary*
Ivan Mahaguay, *Multimedia*
Ruben Jambongana, *Maintenance*

## FAMILY/ HEALTH/ PERSONAL BREAKTHROUGHS

Ang karunungan ng Diyos para sa adjustment sa face-to-face work ng mga nagtatrabahong miyembro ng pamilya, — mga iskedyul at nakatalagang mga gawain, pagpapala para sa mga gastusin ng pamilya sa gitna ng tumataas na presyo at mga hamon sa transportasyon. Mga tagumpay para sa mga negosyo at pinagmumulan ng kita, pag-aayos ng mga bayarin at iba pa dahil sa pandemya.

## MISSIONS

"Ang Simbahan ng Panginoong Jesu-Cristo ay nakikilala sa misyon nito – dahil ito ay binubuo ng mga tinubos sa kaligtasan sa pamamagitan ng misyon, at ngayon ay may kahanga-hangang responsibilidad na ibahagi ito sa iba bilang kanilang misyon." – Si Patrick Johnstone (naglingkod ng maraming taon bilang misyonero sa maraming bansa sa Africa) ay Direktor ng Pananaliksik sa WEC International noong isinulat niya ang aklat na 'Operation World.'

Ipanalangin na habang tayo ay pinagpala (top line blessing), tayo ay maging bottom-line blessing na pagpapala sa iba sa espirituwal at praktikal at nadaramang mga paraan. (Gen. 12:2-3)

Ipanalangin na habang binibiyayaan tayo ng Panginoon ng para sa lahat ng ating mga pangangailangan, kusang-loob din tayong magbigay sa Kanyang gawain sa mga misyon at sa Kanyang mga manggagawa, pati na rin ang mga tinawag at isinugo, upang hindi lamang natin sila suportahan sa ating mga panalangin kundi kasama din ang Kanyang probisyon. ( I Cor. 9:13-14 )

Manalangin para sa karunungan at patnubay habang iniaayon ng Missions Committee ang simbahan sa pangitain ng Diyos, habang gumagawa ng mga plano at pagpapatupad ng ating mga layunin sa misyon sa pamamagitan ng iba't ibang pagsasanay — evangelism, misyon, church planting at pagbuo ng iba pang mga Kingdom-building tools.

Ipanalangin na patuloy tayong umunlad at lumawak bilang isang global church at makita natin ang misyon, hindi lang sa isang lugar kundi sa lahat ng bahagi ng mundo, Ang worldwide migration ay isang malaking opportunity sa ating panahon - mga refugee, migrante/diaspora, mga internasyonal na estudyante, mga negosyante at mga tao sa kalakalan - manalangin na samantalahin natin ang panahong ito at maabot ang marami sa mga grupo ng mga taong ito na hindi pa naaabot ng magandang balita.

# Mga Panalangin

Ipagkatiwala ninyo sa kanya ang inyong mga alalahanin sa buhay sapagkat siya ay nagmamalasakit sa inyo. (1 Pedro 5:7)

## Prayer Gatherings

**Wednesday**, July 6, 2022 | 7PM via Zoom

**Thursday**, July 7, 2022 | 7PM via Zoom

Meeting ID: 853 710 7761 | Passcode: ILOVEJESUS

**Friday**, July 8, 2022 | 7PM at KBCF Worship Hall

BE HOLY

1 Peter 1:16

**Ikatlong araw**
Miyerkules, Hulyo 6

# Nagsisimula ang Kabanalan sa Tahanan (Bahagi 2)

Levitico 19:1-4; Efeso 5:5; Deuteronomio 5:12-15; Hebreo 10:24-25

## Kumonekta

> Ano ang iba pang mga katangian tungkol sa kabanalan na natutunan natin sa ating tahanan? Tinutukoy ng ating pangunahing teksto ang pagsamba sa mga diyus-diyosan (ang pagsamba sa ibang mga diyos) at ang pagpapahalaga ng Sabbath. Sa bibliya ang pagsamba sa ibang diyos-diyosan ay tulad ng kasakiman at ang pagpapahalaga ng Sabbath ay nagpapakita ng pagtitiwala at pag-asa sa mabilis na takbo ng mundo.

## Katotohanan na Pagbulay-bulayan

1. Sa isang buhay sa bukid, na napapaligiran ng mga masasamang tribo, ang iwanan ang iyong sakahan at lahat ng mayroon ka, at ang mga bagay na kailangan mong asikasuhin sa bukid (ang iyong mga lingkod ay nagpapapahalaga rin sa Sabbath), upang sumamba sa Diyos sa araw ng Sabbath ay isang gawa ng lubos na pagtitiwala. Kasama ba sa iyong pagsamba ang pagtitiwala sa Diyos? (Halimbawa, magagawa mo bang patayin ang iyong cellphone sa gitna ng pakikipag usap o kung alam may inaasahan kang tawag?)

2. Ang Sabbath din ay isang paalala ng ating katubusan, at pagiging mahabagin sa buhay ng mga higit na nangangailangan tulad ng mahihirap, may mga karamdaman, mga taong hindi tanggap sa lipunan (Deuteronomio 5:14-15) Ito rin ay isang panawagan na magkaroon ng panahon ng pahinga at pagsamba sa buhay ng isang tao. Sa isang magulong mundo, kung saan ang bawat oras at pagkakataon ay mahalaga, ang pagsamba sa araw ng Sabbath ay napakahalaga upang mapagtagumpayan ang lahat ng bagay. Ang pagsamba mo ba ay naiiba sa iba, at ito ba ay isang gawa ng kabanalan?

3. Ang idolatriya ay pagsamba sa mga diyus-diyosan maliban sa pagsamba sa tunay na Diyos, si Yahweh. Inihahalintulad ni Pablo ang idolatry sa kasakiman. Mayroon bang ibang diyos sa iyong tahanan? (ibig sabihin, karera, reputasyon, pera, akumulasyon ng mga materyal na bagay)

## Suriin ang Salita

1. Basahin ang Levitico 19:1-4 at Deuteronomio 5:12-15 nang may panalangin. May naisip ka bang pagkakataon na huminto ang lahat ng bagay gaya ng ipinahiwatig sa Deuteronomio 5:14? Ano ang iyong reaksyon?____________________________________________

   ____________________________________________

   (Sa panahon ngayon, kapag nagpasya tayong igugol na lamang ang buong araw sa pagsamba sa Panginoon dahil may mga kasambahay na magluluto para sa atin, o mga restaurant na maghahain ng ating pagkain!) Ano kaya ang pakiramdam ng pagsamba sa Panginoon at pag-aalay ng buong araw sa Kanya sa gitna ng isang masamang kapaligiran (halimbawa, mga pag-uusig; Hebreo 10:24-25)

   ____________________________________________

   ____________________________________________

2. Basahin ang Levitico 19:1-4 at Efeso 5:5 nang may panalangin. Ang mga bansa sa paligid ng Israel ay hindi binigyan ng pansin ang pagsamba sa kanilang mga diyos (sa katunayan iniisip ng mga Old Testament scholars na ang Israel ay ipinatapon upang mapagtanto nila ang kanilang Diyos na si Yahweh ay hindi tribal god na tulad ng sa isang bansa!). Sa katunayan, dahil ang Israel ay walang (mga) diyus-diyosan sa kanilang altar, sila ay itinuring na mga ateista! Ang utos ng Diyos ay para sa kanila na "huwag magkaroon ng ibang mga diyos sa harap ko" (si Yahweh lamang ang nakaupo sa altar). Ang pagiging banal, natatangi, ay ang walang ibang mga diyos. Ano ang iyong reaksyon?____________________________________________

   ____________________________________________

   ____________________________________________

3. Kung ang kaimbutan o kasakiman ay katumbas ng idolatriya (Efeso 5:5), ano ang ipinahihiwatig ni Pablo tungkol sa puso ng tao hinggil sa idolatriya? (halimbawa, lumilikha tayo ng mga diyos ayon sa ating larawan!)____________________________________________

   ____________________________________________

   Ang kasakiman at/o pag-iimbot ay walang kinalaman sa kabanalan. Ano ang iyong reaksyon? ____________________________________________

   ____________________________________________

## Aplikasyon

1. Ang Sabbath ay parte ng buhay ng Israel, indibidwal man o sama-sama.. Ito ay tanda na sila ay itinalaga at banal sa harap ng Diyos. Magagawa ba ng iyong pagsamba at buhay panalangin na maging natatangi, banal, at naiiba ka sa nakararami. Bakit o bakit hindi?

   ______________________________________________

   ______________________________________________

   ______________________________________________

   Anong mga hakbang ang iyong gagawin para ipamuhay ang utos ng Diyos na pahalagahan ang Sabbath (o ang katumbas nito) sa iyong buhay ngayon? ______________________________

   ______________________________________________

   ______________________________________________

2. Paano mo ituturo ang pagpapahalaga ng Sabbath sa iyong mga anak? (i.e., pahalagahan mo ang Sabbath, pagsamba, at pagtitiwala sa Panginoon.) ______________________________

   ______________________________________________

   ______________________________________________

3. Magsimula sa pamumuhay ng mga simpleng buhay at hindi sa materyalismo at consumerism ng modernong mundo ang susi upang mapagtagumpayan ang idolatriya or pagsamba sa ibang diyos diyosan. Anong mga hakbang ang iyong gagawin upang matugunan ang bagay na ito sa iyong tahanan? ______________________

   ______________________________________________

   ______________________________________________

4. Ipanalangin ang iyong pamilya (at mga pamilya na ipinaaalala sa iyo ng Panginoon) habang tinatapos mo ang iyong oras ng pagmumuni-muni.

# Prayer List 🙏

## 🇵🇭 NATION: Nahalal na mga LGU Liders

Purihin ang Diyos para sa mga dating pinuno (pangalanan ang nakaraang Alkalde, Bise-Mayor, mga Konsehal ng kani-kanilang lungsod) — para sa kanilang mga tiyak na tagumpay sa panahon ng kanilang termino. Ipagdasal ang nahalal na Alkalde, Bise-Mayor at Konsehal ng iyong lungsod at para sa natitirang 146 na Mayor at Bise-Mayor ng Lungsod, 1,650 Konsehal ng Lungsod; 1,488 na mga Alkalde at Bise_Mayor ng Munisipyo, 11,908 na mga Konsehal ng Munisipyo. Ipanalangin na maging responsable sila sa paghahatid ng mga serbisyong kailangan sa kani-kanilang lungsod/munisipyo. (Pangalanan ang mga serbisyong ito).

## FAMILY/ HEALTH/ PERSONAL BREAKTHROUGHS

Ang pagbibigay kapangyarihan ng Banal na Espiritu sa mga magulang/tagapag-alaga at mga mag-aaral na makayanan ang mga pangangailangan ng paglipat mula sa online patungo sa face-to-face na klase sa gitna ng limitado at mataas na halaga ng pamasahe; mga tagumpay para sa mga "hybrid set-up" na kapwa kapaki-pakinabang para sa mga guro at mag-aaral.

## CHURCH/ MINISTRIES: Worship Department Ministries

(Pulpit Preaching, Ministerial services, Sunday worship,
Special events, Prayer, Ushering, Choir at Music/ Band)

## MISSIONS

Ipanalangin ang ating mga misyonero, lokal at cross-cultural, para sa kanilang pagiging sensitibo sa pangunguna ng Diyos sa kanilang buhay at ministeryo, lakas at mabuting kalusugan, proteksyon mula sa masama at pagbibigay-kapangyarihan habang ipinapahayag nila ang Ebanghelyo, pagdi-disipulo at pakikibahagi sa mga grupo ng mga tao na inaabot nila.

Ipanalangin ang ating mga Lokal na Misyonero: Pangkat 1

Pastor Joseph Lee *(Bless Fellowship/New Tribes)*
Pastor Jojie Limjoco *(Companion with the Poor)*
Dra. Mate Francisco *(Tentmaker-Zamboanga)*
Pastor Terry & Ada Luarez *(In Christ Fellowship)*
Pastor Johnny Pabia *(Mahanaim Ministries)*
Elder Sito Silva *(FOCIG)*
Pastor Philip Flores *(TOPIC)*
Kim Sison *(KBCF - Pastor's Mentor)*
Phoebe Parreñas *(Messiah College)*
Efraim Elijah & Maimai Tendero (CCC)

# Mga Panalangin

Maging matiyaga kayo sa pananalangin, laging handa at nagpapasalamat sa Diyos. (Colosas 4:2)

## Prayer Gatherings

**Wednesday**, July 6, 2022 | 7PM via Zoom

**Thursday**, July 7, 2022 | 7PM via Zoom

Meeting ID: 853 710 7761 | Passcode: ILOVEJESUS

**Friday**, July 8, 2022 | 7PM at KBCF Worship Hall

BE HOLY
1 Peter 1:16

# Ika-apat na araw

Huwebes, Hulyo 7

# Ang Kabanalan ay Pagmamahal sa Iyong Kapwa Gaya ng Iyong Sarili.

Levitico 19:9-18; Marcos 12:29-31

## Kumonekta

> Sa Lumang Tipan ang pagiging banal ay ang pagiging mabuting kapwa. Nais ni Hesus na ang Kanyang mga tagasunod ay maging mabuting kapwa. (Lucas 10:37) Matututuhan natin ngayon ang iba't ibang paraan para maging mabuting kapwa.

## Katotohanan na Pagbulay-bulayan

1. Nasusulat sa Levitico 19 kung ano ang pagiging banal sa paningin ng Diyos. Tinutukoy sa mga talata 1-4 kung sino tayo sa ating mga tahanan at kung ano ang itinuturo natin sa ating mga anak sa ating buong buhay. Ang mga talata 5-8 ay nagsasabi ng mga mahahalagang gawain at kung paano natin dapat pahalagahan ang mga ito. Ang mga talata 9-18 ay naglalarawan ng ating kaugnayan sa ating kapwa at sa mga nakapaligid sa atin. Ang kabanalan ay pagmamahal sa iyong kapwa gaya ng iyong sarili. Sa panahon ngayon na napakabilis ng takbo ng buhay, bihira tayong mag-alala sa ating kapwa. Sa paningin ng Diyos, kung sino tayo sa ating kapwa ay isang bagay ng pagiging banal. (Lucas 10:37)

2. Ang mga salitang "Alalahanin mo ang iyong unang pag-ibig" (Pahayag 2:4-5) ay nagpapa-alala ng ating matinding pagnanais ng kabanalan (Maaring hindi natin alam na iyon ay kabanalan) dahil sa ating pag-ibig sa Diyos. (Alalahanin natin noong una natin Siyang nakilala!?) Sa Marcos 12:29-31, inihahalintulad ni Hesus ang pagmamahal sa Diyos nang buong puso, kaluluwa, pag-iisip, at lakas sa pagmamahal sa ating kapwa gaya ng ating sarili. Sa ganoong paraan, ang utos para sa atin na maging banal ay ang pag-alala sa ating unang pag-ibig.

## Suriin ang Salita

1. Basahin ang Levitico 19:9-10 nang may panalangin. Marahil ay nahihirapan tayong iugnay ang "agricultural setting" ng talatang ito, ngunit ano sa palagay mo sa panahong ito ang katumbas ng utos ng Diyos, "Iyong iwanan ang mga ito para sa mga dukha at mga dayuhan: Ako ang Panginoon mong Diyos. ."? (talata 10; ibig sabihin, magbigay tayo para sa mga mahihirap.)____________________________
   ____________________________________________________

2. Basahin ang Levitico 19:11-12 nang may panalangin. Tungkol sa ating pakikitungo sa ating kapwa, dalawang utos ang namumukod-tangi, "Huwag kang M________" at "Huwag kang M_________". Ang mga utos na ito ay nagiging mas seryoso dahil taglay natin ang Kanyang pangalan! (CHRISTians!) Ano ang iyong reaksyon? ____________________
   ____________________________________________________
   ____________________________________________________

3. Basahin ang Levitico 19:13-14 nang may panalangin. Binabalaan tayo ng talatang ito sa paraan ng ating pakikpag-kapwa kapag pakiramdam natin ay mas magaling tayo sa kanila, totoo man o iniisip lamang natin ito. Lagi nating tratuhin sila ng may k____________. Bakit?
   ____________________________________________________
   ____________________________________________________

4. Basahin ang Levitico 19:15-18 nang may panalangin. Sa Karaniwan, kapag ang galit o hinanakit sa ating mga kapitbahay ay iniipon natin, minsan ay humahantong ito sa korte, talata 15. Kaya, mahalagang alisin ang galit at hindi magtanim ng sama ng loob. (mga talata 17-18). Ayon sa talata 17, paano maiiwasan ang pagtatanim ng sama ng loob?
   ____________________________________________________
   ____________________________________________________

   Sa mga aral na natutunan mula sa talatang ito sa Levitico at pagkatapos basahin nang may panalangin ang Marcos 12:29-31, para sa iyo, ano ang ibig sabihin ng personal na pagmamahal sa iyong kapwa gaya ng iyong sarili? ______________________________
   ____________________________________________________
   ____________________________________________________

## Aplikasyon

1. Habang itinatalaga natin ang ating sarili upang maging banal, sinasabi sa atin ng Panginoon na kailangan nating alalahanin ang ating unang pag-ibig. (Katotohanan na Pagbulay-bulayan bilang 2 sa itaas) Anong (mga) hakbang ang gagawin mo para tumugon sa paalala na ito mula sa Diyos? ____________________________________________
______________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________

2. Anong (mga) aral mula sa ating pag-aaral ng Levitico sa itaas tungkol sa kabanalan at pagmamahal sa ating kapwa ang higit na tumatak sa iyo? ______________________________________________________________________
______________________________________________________________________________

3. Ang kapaitan at/o sama ng loob ay walang kinalaman sa kabanalan. Sa nakalipas na halalan, at bilang tugon sa tawag ng Diyos para sa iyo na maging banal, mayroon bang anumang kapaitan o sama ng loob na kailangan mong alisin? _____________________________
______________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________

4. Hilingin sa Diyos na ihayag ang kalagayan ng iyong puso. (Jeremias 17:9; Roma 8:27)

## Prayer List

### Ating Bansa: Plataporma ng Gobyerno

Ipanalangin ang mga pambansang mga lider na itaguyod ang pagpapatuloy ng mga pangmatagalang programa ng pamahalaan, para sa bagong administrasyon na isaalang-alang ang "TEN-POINT AGENDA" ng nakaraang administrasyon — Bilang 1 hanggang 5:

1. Palakasin ang kapasidad ng pangangalagang pangkalusugan
2. Pabilisin at palawakin ang programa ng pagbabakuna
3. Higit pang muling buksan ang ekonomiya at palawakin ang kapasidad ng pampublikong sasakyan
4. Ipagpatuloy ang face-to-face learning
5. Bawasan ang mga paghihigpit sa paglalakbay sa loob ng bansa at gawing pamantayan ang mga kinakailangan ng LGU

## FAMILY/ HEALTH/ PERSONAL BREAKTHROUGHS

Ang pangunguna ng Banal na Espiritu para sa mga miyembro ng pamilya na magkaroon ng maayos na kalusugan sa pamamagitan ng pag-e-hersisyo at iba pang outdoor activities. Kumain ng masustansiyang pagkain na lutong bahay; iwaksi ang mga gawi na hindi healthy dahil nakasanayan sa panahon ng pandemic

## CHURCH/ MINISTRIES: Worship Department Ministries

Pray na maglagay ang Diyos ng "full-time pastor" para sa Spiritual Care department (SCD).

## MISSIONS

Ipanalangin ang ating mga lokal at cross-cultural missionaries, para sa kanilang pagiging sensitibo sa pangunguna ng Diyos sa kanilang buhay at ministeryo, lakas at mabuting kalusugan, proteksyon mula sa masama at karunungan habang ipinapahayag nila ang Ebanghelyo, at ministeryo ng pagdidisipulo at pakikibahagi sa mga grupo ng mga tao na inaabot nila.

Ipangalangin ang mga Local Missionaries: Pangkat 2

Pastor Buboy and Barbs Pabia *(ABCCOP-Bukidnon)*

Eve Bariuan *(House Church Movement)*

Joy Famador *(Micah Philippines, Vote Net, Global Integrity Network)*

Dra. Cynthia Hubalde *(Shiloh Bible Christian Fellowship, Pasig)*

Wilma Limjoco *(Philippine Sending Council of SEND International)*

Pastor Freddy Vasquez *(Northview Christian Fellowship)*

Marcelo Boot *(Companion with the Poor)*

Mel Micah Catalon *(Camous Crusade for Christ)*

Sonny Cristobal *(Kairos Bible Christian Fellowship, Bagong Silangan)*

# Mga Panalangin

"Lumapit kayo sa akin, kayong lahat na nahihirapan at lubhang nabibigatan sa inyong pasanin, at kayo'y bibigyan ko ng kapahingahan. (Mateo 11:28)

## Prayer Gatherings

**Thursday**, July 7, 2022 | 7PM via Zoom

Meeting ID: 853 710 7761 | Passcode: ILOVEJESUS

**Friday**, July 8, 2022 | 7PM at KBCF Worship Hall

BE HOLY

1 Peter 1:16b

# Ika-limang araw
Biyernes, Hulyo 8

# Ang Pagiging Banal ay ang Pagiging Una sa Paghahari ng Diyos, Bahagi 1

Bilang 15:40; Mateo 4:17; 5:3-5; Lucas 4:18-19

## Kumonekta

Ang pagiging banal ay pagsunod sa lahat ng utos ng Panginoon (Mga Bilang 15:40). Inutusan tayo ni Hesus, ang Kanyang mga tagasunod na maging una sa paghahari ng Diyos. Sa pamamagitan natin nakikita ang kaharian ng Diyos. (cf. Mateo 28:18-20) – Ang walang inaasahan kundi ang Diyos, ang mga nagdadalamhati, at ang maamo.

## Katotohanan na Pagbulay-bulayan

1. Sa ebanghelyo ni Mateo, tulad ni Moises na ibinigay mula sa tuktok ng Bundok ng Sinai ang sampung utos, ibinigay ni Hesus ang "bagong" mga utos sa Kanyang sermon mula sa bundok (Mateo 5:1-9; napansin ng mga iskolar ng Bagong Tipan na, tulad ng limang aklat ng Torah, si Hesus sa ebanghelyo ni Mateo ay nagbigay ng limang sermon, Mateo 5-7, 10, 13, 18, at 23). Ang pagiging banal ay pagsunod sa mga utos ni Hesus. (cf. Mateo 28:18-20)

2. Ang mga "Beatitude" ay bahagi ng patuloy na pagpapahayag ni Hesus tungkol sa pagdating ng Kaharian ng Diyos. (Mateo 4:17; Sinasabi ng mga iskolar ng Bagong Tipan na ang paggamit ni Mateo sa kaharian ng langit ay ang paraan ng mga Hudyo ng hindi pagbanggit sa Diyos. (Cf. "The Lord's Prayer", Matthew 6:9) Kaya, si Hesus ay hindi nagsasalita tungkol sa mga saloobin na karapat-dapat sa pagpapala ng kaharian, ngunit sa halip ay pinag-uusapan ang tungkol sa mga uri ng mga tao sa at sa pamamagitan ng kanino ang kaharian ng Diyos ay nabibilang. Ang mga tagasunod ni Hesus ay mga nangunguna sa paghahari/kaharian ng Diyos. Sila ay yaong mga dukha sa espiritu, yaong mga nagdadalamhati, at yaong mga maamo. Isa ka ba sa kanila?

## Suriin ang Salita

1. Basahin ang Mateo 5:3-5 at Lucas 4:18-19 nang may panalangin. Inihalimbawa ni Hesus kung ano ang pagiging dukha sa espiritu, kung ano ang pagdadalamhati sa mga pasakit ng lupa, at kung ano ang pagiging maamo. Sa ganitong paraan Niya ipinaparating ang kaharian ng Diyos! Ano ang iyong reaksyon? ____________________
____________________________________________
____________________________________________

2. Mula sa nabasa mo tungkol kay Hesus sa ebanghelyo, paano ipinakita ni Hesus kung ano ang pagiging dukha sa espiritu? (i.e., Juan 8:1-11)
____________________________________________
____________________________________________

   Ano ang ibig sabihin ng managhoy? (i.e. Lucas 7:11-17) ____________
____________________________________________

   Paano ang maging maamo? (i.e., si Hesus sa harap ni Pilato, Juan 18:28-38) ____________________________________
____________________________________________
____________________________________________

3. Ipinakita ni Hesus kung ano ang pagiging banal. (Siya ang banal ng Diyos, Marcos 1:24) kaya, upang maging banal, bilang tagapanguna sa kaharian ng Diyos, dapat tayong maging dukha sa espiritu, magdalamhati, at maging maamo. Ano ang iyong reaksyon?
____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________

## Aplikasyon

1. Alin sa mga katangiang ito – dukha sa espiritu, isang nananaghoy, maamo – ang nais mo? Bakit? ______________________________
____________________________________________

2. Alin sa mga katangiang ito ang mahirap para sa iyo? Bakit?
____________________________________________
____________________________________________

Anong (mga) hakbang ang iyong gagawin upang maipakita ang mga katangiang ito sa iyong buhay habang hinahangad mo ang kabanalan? ____________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________

3. Maglaan ng oras upang manalangin para sa iyong sarili na maging isang tagapanguna sa kaharian ng Diyos habang hinahangad mo ang kabanalan.

## Prayer List 🙏

### 🇵🇭 BANSA: Plataporma ng Gobyerno

Ipanalangin ang mga pambansang pinuno na itaguyod ang pagpapatuloy ng mga pangmatagalang programa ng gobyerno, para sa bagong administrasyon na isaalang-alang ang "TEN-POINT AGENDA" ng nakaraang administrasyon – Bilang 6-10

6. Maluwag na requirements para sa international travel.
7. Pabilisin ang digital transformation sa pamamagitan ng pagsasabatas ng mga panukala.
8. Tugunan ang pangangailangan para sa enhanced at flexible emergency measures.
9. Ilagay ang focus ng decision-making at pag-uulat ng pamahalaan sa mas kapaki-pakinabang at empowering metrics.
10. Medium-term na paghahanda para sa pagiging matatag sa panahon ng pandemic.

### FAMILY/ HEALTH/ PERSONAL BREAKTHROUGHS

Karunungan ng Diyos para sa mga pinuno ng pamilya sa COVID-19 vaccination para sa mga bata, ika-3 at ika-4 na pagbabakuna para sa mga nasa hustong gulang; tagumpay at karunungan para sa ligtas na paraan para sa pisikal na pakikipag-ugnayan sa mga nabakunahan at hindi.

## CHURCH/ MINISTRIES

Ang Panginoon ay magbigay ng mga manggagawa/volunteers sa mga sumusunod na mga committee ng Spiritual Care Department:

a. Shepherds Care Committee Head at iba pang miyembro

- Discipler Development – CGLA coordinator; Makapagimbita at makakuha ng maaring maging alagad (disciplers).
- Monitoring – makatulong sa pagkonekta sa mga alagad(disciplers) at magsubaybay ng madalas sa mga alagad.
- CG support – Discovery, Understanding, Application (DUA) writers

b. Growth Care Committee

- Equipping – Koordinator/kalihim para sa mga gawain at Schedules; makatulong sa Growth Care Head

## MISSIONS

Ipanalangin ang ating mga local at cross-cultural missionaries na maging sensitibo sa pangunguna ng Banal na Espritu sa kanilang buhay at ministeryo, maayos na kalusugan, protection mula sa masasama at tulong ng Panginoon sa pagbabahagi ng Magandang Balita, pagdi-disipulo at pakikitungo sa mga taong inaabot nila.

1. Pastor Ver and Melody Garrido (Indonesia)
2. Bishop Ef Tendero (WEA, Global Ambassador)
3. Glenn and Pia Sebios (Cambodia)
4. TM (Kyrgyzstan)
5. Jong Vital (Cambodia)
6. MDR (Dubai)

# Mga Panalangin

Magalak kayong lagi, palagi kayong manalangin, at magpasalamat kayo sa Diyos sa lahat ng pagkakataon; sapagkat ito ang kalooban ng Diyos para sa inyo sa inyong pakikipag-isa kay Cristo Hesus. (I Tesalonica 5:16-18)

## Prayer Gathering

**Friday**, July 8, 2022
7PM at KBCF Worship Hall

BE HOLY
1 Peter 1:16b

**Ika-anim na araw**
Sabado, Hulyo 9

# Ang Pagiging Banal ay ang Pagiging Una sa Paghahari ng Diyos, Bahagi 2

Bilang 15:40; Mateo 4:17; 5:6-9; Lucas 4:18-19

## Kumonekta

Ang pagiging banal ay pagsunod sa lahat ng utos ng Panginoon. (Bilang 15:40) Inutusan ni Hesus ang Kanyang mga tagasunod na maging mga tagapanguna sa paghahari ng Diyos. Darating ang kaharian ng Diyos sa pamamagitan natin. (cf. Mateo 28:18-20) – Yaong nagugutom at nauuhaw sa katuwiran, ang maawain, ang dalisay sa puso, at ang mga mapagpayapa.

## Katotohanan na Pagbulay-bulayan

1. Sa patuloy na digmaan sa Ukraine sa pamamaraan ng mundo na maaaring tama, paano dumating ang kaharian ng Diyos sa katauhan ni Hesus? (Mateo 5:3-9; Gaya ng sinabi ng isang iskolar ng Bagong Tipan, "Pagdating ng kaharian ng Diyos, hindi ipapadala ng Diyos ang mga tangke at artilerya, kundi ang mga dukha sa espiritu, yaong mga nagdadalamhati, ang maamo, yaong nagugutom. at pagkauhaw sa katuwiran, at iba pa.") May katuturan ba ito sa ating marahas na mundo ngayon? O ito ba ang pagiging banal (itinalaga para sa Diyos), kakaiba, pagiging iba sa mundong ito?

2. Ang pagkagutom at pagkauhaw sa katuwiran ay pagkagutom at pagkauhaw sa katarungan ng Diyos. Ito ba ang nangyayari sa iyong puso ngayon sa liwanag ng hindi makatarungang sakit at pagdurusa sa mundo at sa ating bansa ngayon?

## Suriin ang Salita

1. Basahin ang Mateo 5:6-9 nang may panalangin. Ano ang reaksyon mo sa # 2 sa itaas patungkol sa talata 6? ______________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________

2. Katatapos lang ng ating halalan na nagdulot ng maraming poot sa lahat ng kulay ng pulitika. Ano ang ibig sabihin ng pagiging maawain sa ating pakikitungo sa isa't isa? (i.e., hindi bababa sa, hindi para husgahan ang iba. ______________________________
______________________________
______________________________

3. Ang pagiging banal ay hindi lamang sa pag-uugali, ngunit ito rin ay sa puso ayon sa talata 8 (cf. Mateo 5:22, 28) Ano ang iyong reaksyon?
______________________________
______________________________
______________________________

4. Nararapat lamang nating ipagdasal ang k__________ sa Ukraine, ayon sa v.9. Dahil sa mga division bunga ng katatapos na halalan, ano ang dapat nating panindigan para sa ating kapwa Pilipino? __________
______________________________
______________________________

## Personal Application

1. Tinawag ni John Stott ang mga Beatitude bilang “counter-cultural”. Ang pagiging banal ay ibinukod para sa Diyos, natatangi at naiiba sa mundo, kaya, ang Beatitudes ay panawagan ng Diyos na maging banal sa mundo ngayon. Anong mga hakbang ang gagawin mo para ipakita ang nais ng Panginoon para sa Kanyang mga tao, ang Kanyang banal na bansa, ngayon? ______________________________
______________________________
______________________________

2. Dukha sa Espiritu: ______________________________

3. Mga taong nagdadalamhati: ______________________________

4. Yaong maamo: ______________________________

5. Yaong nagugutom at nauuhaw sa katuwiran: ____________________
______________________________

6. Maawain: ________________________________________

7. Malinis ang Puso: ________________________________________

8. Mga tagapamayapa: ________________________________________

9. Ang pagkakapareho sa lahat ng mga hakbang na nakalista sa itaas ay panalangin, para sa iyong sarili at para sa iyong mga kapatid. Basahin muli ang Mateo 5:3-9 at ipanalangin na isakatuparan ng Panginoon ang Kanyang ipinangako ang kaharian ng Diyos na para sa Kanyang mga anak na nagsisikap na maging banal.

## Prayer List 🙏

### 🇵🇭 NATION: Government Platform

1. Ipanalangin ang mga Sumusunod:
   Mga Nakakahawang Sakit: Ang Inter-Agency Task Force on Emerging Infectious Diseases at ang National Task Force Against Covid-19 na ipagpatuloy ang pagpapahusay sa mga pamamaraan para sa pag-iwas at paggamot ng mga nakakahawang sakit.

2. Pagbangon ng ekonomiya: Ang National Economic and Development Authority na ipagpatuloy ang paggawa at pagpapatupad ng mga hakbang upang tugunan ang pagbangon ng ekonomiya pagkatapos ng pandemya at sa gitna ng epekto sa ekonomiya bunga ng pagsalakay ng Russia sa Ukraine.

### FAMILY/ HEALTH/ PERSONAL BREAKTHROUGHS

Ang proteksyon ng Diyos laban sa mga impeksyon na maaring makuha dahils mga face-to-face meetings sa mga kamag-anak, mga mahal sa buhay, mga kapitbahay; Nawa'y maging masunurin ang lahat sa mga protocol ng kalusugan.

## CHURCH/ MINISTRIES

Ipagdasal na makita ng mga dumadalo ang kahalagahan ng pagiging miyembro ng simbahan, magpabaptismo at dumalo sa Membership classes.

## MISSIONS

Ipanalangin ang mga mission organizations, para sa kanilang pagiging sensitibo sa pangunguna ng Diyos sa kanilang mga ministeryo, kapangyarihan sa pagpapahayag ng Ebanghelyo, mag-disipulo at makisali sa mga grupo na kanilang inaabot.

Missions Organizations

ABCCOP (Pastor Chito Ramos)

Asian Theological Seminary (Missionaries Training Ground)

Philippine Council of Evangelical Churches

Values Orientation In Christian Education (Beverly Tenecio)

CBN ASIA (Lucille Talusan)

Back to the Bible (Bishop Ef)

OMF Literature (Yna Reyes)

Philippine Bible Society (Bishop Ef)

FEBIAS College of Bible (Bishop Ef, Dulce Abutal)

Far East Broadcasting Company (Bishop Ef)

# Mga Panalangin

Doon sa mga burol, ako'y napatingin—sasaklolo sa akin, saan manggagaling? 2 Ang hangad kong tulong, kay Yahweh magmumula sa Diyos na lumikha ng langit at ng lupa (Mga Awit 121:1-2)

## Worship Service

On-site Worship Service | 9AM

Facebook Livestream - Facebook.com/KBCFofficial
Kamuning Bible Christian Fellowship

YouTube Livestream- youtube.com/KBCFamily
KBCF

BE HOLY
1 Peter 1:16

# 2022 Midyear Prayer and Fasting
# Mga Nag-ambag

Pastor Jun Gonzaga (Devotional Guide)

Pastor Ronel Rubrica (From the Pastor's Heart)

Elder Cesar Montano (Prayer Lists)

*Maraming Salamat po*

BE HOLY
1 Peter 1:16

KBCF